

PANGKALAHATANG BUOD

“Dati, pabor ako sa *slogan* [ni Duterte] na ‘pagbabago’. Hangad ng lahat ng Pilipino ang pagbabago. Pero walang Pilipino ang may gustong magkalat ang patay sa kalsada, at maging normal na lang basta ang pagpatay ng pulis sa mga tao.”

– Asawa ng lalaking pinatay nang labag sa batas sa isang *raid* ng mga pulis

Hindi inililihim ni Pangulong Rodrigo Duterte ang kanyang pananaw sa mga taong nauugnay sa ilegal na droga o krimen; para sa kanya, halos hindi sila maituturing na tao at karapat-dapat silang mamatay. Simula nang manumpa siya sa katungkulan noong ika-30 Hunyo 2016, pinatunayan ito ng “giyera kontra droga” (“*war on drugs*”) ng kaniyang administrasyon, sa nakapanlulumong antas.¹ Ayon sa datos mula sa Philippine National Police, may kabuuang bilang na 7,025 na ang namamatay sa kamay ng mga pulis at ibang armadong tao² mula 1 Hulyo 2016 hanggang ika-21 Enero 2017, o humigit kumulang 34 sa bawat araw.

Sa pinakamahirap na mga lugar sa Pilipinas, regular na tina-target ng mga pulis at ng mga hindi kilalang armadong taong nakamotorsiklo (binansagang ‘*riding in tandem*’) ang mga indibidwal na diumano’y may koneksyon sa droga. Kinakailangang puntahan ng mga kapamilya ng mga pinaslang at napaslang ang mga morgue para tukuyin ang katawan ng kanilang mahal sa buhay, na kabilang sa mga bangkay na tadtad ng mga tama ng bala na dumarating sa mga morgue bawat gabi. Pangkaraniwan na ang makakita ng mga bangkay sa mga kalsada, at laganap na ang takot na maging susunod na biktima o di kaya’y ang susunod na biktima ay maging kabilang sa mga kakilala. Sa kabila ng pagbatikos ng mga aktibista at ng mga pamahalaan ng ibang bansa, hindi pa rin humuhupa ang mga pang-uudyok na patayin ang mga gumagamit ng ilegal na droga at patuloy pa rin ang mga insidente ng pagpatay.

Sinusuri ng ulat na ito ang mga paglabag sa karapatang pantao na maiuugnay sa marahas na kampanyang kontra droga ni Pangulong Duterte. Batay ito sa resulta ng pananaliksik (*field research*) na isinagawa ng mga delegado ng Amnesty International sa Pilipinas mula Nobyembre hanggang Disyembre 2016, kung saan nakapanayam nila ang 110 tao, kabilang ang mga direktang saksi sa mga *extrajudicial execution*; mga kamag-anak ng mga namatay; mga taong kasalukuyang gumagamit ng ilegal na droga; mga pulis at bayarang *killer* na may kinalaman sa mga operasyong kontra droga; lokal na otoridad; at mga aktibistang nanunungkulan sa mga NGO.

Inimbestigahan ng Amnesty International ang 33 insidente ng pagpatay na may kinalaman sa droga na naganap sa 20 lungsod at bayan sa Pilipinas, partikular sa National Capital Region at sa mga probinsya ng Cebu at Cotabato. Sa 33 insidenteng sinuri kung saan may kabuuang 59 katao ang namatay, 20 ay nangyari habang may *police operation* at 13 naman ang may kaugnayan sa hindi kilalang armadong tao. Base sa mga magkakatumang pahayag ng mga saksi at iba pang mapagkakatiwalaang impormasyon na nakalap, karamihan sa mga pagpatay na ito ay maituturing na mga *extrajudicial execution*—ibig sabihin, labag

¹ Gumagamit ng panipi (*quotation marks*) ang Amnesty International sa iba’t ibang bahagi ng ulat na ito para sa “giyera kontra droga” (“*war on drugs*”), ang terminong karaniwang ginagamit para ilarawan ang mga patakaran at operasyon laban sa mga umano’y *drug offender*, sa ilalim ng administrasyon ni Pangulong Duterte. Hindi tugma ang mga operasyong ito sa pakahulugan ng *armed conflict* batay sa *international law*.

² Sa Pilipinas, karaniwang ginagamit ang terminong “hindi nakikilalang armadong kalalalahan”. Gumagamit ng *gender neutral* na termino ang Amnesty International sa ulat nito dahil may mga babae ring sangkot sa mga *drug-related* na pagpatay.

sa batas at sadyang ginawa ayon sa utos ng pamahalaan, o may pakikipagsabwatan (*complicity*) o pagpayag (*acquiescence*) ng mga otoridad.

Sa mga pagpatay na nangyari habang may pormal na operasyon ng mga pulis, nakababahala ang mga pagkakahawig ng mga kaso. Sinuri ng Amnesty International ang mga *police incident report* para sa 12 sa 33 kaso, at ang mga ulat ng mga mamamahayag na naglalaman ng pahayag ng pulis para sa 30 kaso. May pagkakapareho sa pahayag ng mga pulis sa halos lahat ng mga tala, sa *raid* man sa tirahan ng isang suspek o sa isang “*buy-bust operation*” kung saan bumbili ng droga ang mga *undercover* na pulis upang maisagawa ang aresto. Ayon sa mga pulis, bumunot at nagpaputok ng baril ang mga akusado kung kaya’t napilitan silang lumaban hanggang mapatay nila ang suspek. Sa maraming kasong sinuri ng Amnesty International, nag-*‘malfunction’* umano ang baril ng mga suspek habang tinatangkang barilin ang mga pulis. Noong 21 Enero 2017, nagresulta ang mga umano’y “*shootout*” na ito sa pagkamatay ng 2,500 na mga diumano’y *drug offender* at 35 pulis.

Base sa pananaliksik ng Amnesty International, malaki ang pagkakaiba at higit na mas kapani-paniwala ang mga direktang testimonya ng mga saksi at paglalarawan ng mga malaya at hiwalay na imbestigasyon sa kung anong nangyayari sa maraming *police operation* na may kinalaman sa ilegal na droga. Karaniwan na ang sapilitang pagpasok ng mga pulis sa mga tirahan kapag malalim na ang gabi, at sunod dito ang pagpatay sa kanilang mga pinaghihinalaang gumagamit o nagbebenta ng ilegal na droga, kahit pa walang tinatagong mga baril ang mga ito. Inilahad ng mga saksi sa ilang kasong naitala ng Amnesty International na karaniwang sumisigaw at sumusuko ang mga diumano’y *drug offender*, kung minsan, habang nakaluhod o nasa hindi-mapanlabang posisyon. Sa kabila nito ay binaril pa rin sila ng mga otoridad. Para pagtakpan ang totoong mga naging kaganapan, nagtatanim umano ng ebidensya ang mga pulis at nagpapalsipika (*falsify*) ng ulat ng mga pangyayari (*incident report*).

Ang walang himpil na pag *pressure* ng administrasyong Duterte sa mga pulis na magpakita ng resulta sa kanilang mga operasyong kontra droga ay nakatulong manghikayat para sa mga mapang-abusong kagawian. Dagdag pa dito ang may kaakibat ding bayad (*financial incentive*) umano para sa mga gawaing ito. Isang pulis na may mahigit isang dekadang karanasan sa propesyon at kasalukuyang nagsasagawa ng mga operasyon bilang miyembro ng isang *anti-illegal drug unit* sa Maynila ang nagbahagi sa Amnesty International ng detalye patungkol sa pailalim o *under-the-table* na bayad para sa mga “engkwentro” na nagresulta sa pagkamatay ng diumano’y *drug offender*. Ibinahagi rin niya ang sabwatan sa pagitan ng mga pulis at ilang punerarya kung saan may kaukulang porsyento ang pulis sa bawat bangkay na dinadala sa mga kasabwat na punerarya.

Bukod sa mga pagpatay habang may *police operation*, may mahigit sa 4,100 pagpatay na may kinalaman sa ilegal na droga ang ginawa ng mga hindi kilalang armadong tao. Nakalap ng Amnesty International ang matibay na ebidensyang nagpapakita ng koneksyon sa pagitan ng mga otoridad at ng ilang armadong taong nagsasagawa ng mga nasabing pagpatay. Ayon sa isang pulis, kung minsan ay nagpapanggap din sila bilang mga hindi kilalang armadong tao, lalo na kung malaki ang posibilidad na may kapamilya ang kanilang target na maaaring magrereklamo, o kung magiging kahina-hinala ang pagkamatay ng kanilang target, partikular kung ito ay babae. Dalawang indibidwal na nagpapabayad para pumatay ng mga diumano’y *drug offender* ang nagbahagi sa Amnesty International na isang pulis na aktibo sa serbisyo ang kanilang *handler*. Ayon sa kanila, nakatatanggap sila ng humigit-kumulang 10,000 piso (US \$201) sa bawat pagpatay.³ Sinabi rin nilang bago umupo si Pangulong Duterte bilang presidente, madalas binibigyan sila ng dalawang “trabaho” kada buwan. Pero ngayon, umakyat na ang bilang nito sa tatlo hanggang apat kada linggo.

May dalawang pagkakapareho ang mga biktima ng mga pagpatay na may kinalaman sa droga. Una, karamihan sa kanila ay mga maralitang taga-lungsod (*urban poor*). Karamihan din ay walang trabaho at nakatira sa mga *informal settlement* o *squatter communities*. Ang mga pagpatay na ito ay nagdudulot ng karagdagang pagdurusa para sa mga naghihinagpis nang mga pamilya. Pinalalala pa ito ng mga insidente kung saan sila ay pinagnanakawan ng mismong mga pulis ang nagsasagawa ng imbestigasyon. Ayon sa asawa ng isa sa mga taong pinatay, ninakaw umano ng mga pulis ang mga paninda niya, ang perang nakalaang pambayad ng kanilang *bill* sa kuryente, maging ang bagong sapatos na binili niya para sa kanilang anak.

Ikalawa, sa karamihan sa mga kasong naitala ng Amnesty International, mayroong “*drug watch list*” na ihinanda ng mga opisyal ng barangay at ibinahagi sa kapulisan. Lubhang nakababahala ang konsepto ng “*watch list*”, maging ang paraan kung paano kinalap ang mga nilalaman nito. Kung minsan ay base lamang ito sa haka-haka o tsismis, at halos lahat nito ay hindi dumadaan sa masusing beripikasyon. Ang mga listahang ito ay hindi lamang binubuo ng mga taong pinaghihinalaang gumawa ng krimen. Karaniwan, sapat nang dahilan ang pagkakaroon ng *history* sa paggamit ng ilegal na droga, kahit na gaano katagal nang nangyari ito, para mapabilang sa nasabing listahan. Dinokumento rin ng Amnesty International ang maraming kaso kung saan napatay ang mga *bystander* o iba pang taong wala sa “*watch list*” at walang kinalaman sa ilegal na droga. Nadamay lamang sila dahil kasama nila o malapit sila sa mga di umano’y *drug offender*. Kabilang sa mga biktima ang isang walong taong-gulang na batang lalaki. Labag sa batas ang lahat ng *extrajudicial execution*, maging sino man ang biktima nito.

Karamihan sa mga pagpatay na kaugnay ng kampanya kontra droga ay hayagang lumalabag sa batas pandaigdig para sa karapatang pantao (*international human rights law*), kung saan may legal na pananagutan ang Pilipinas. Una sa usaping ito ang paglabag ng *extrajudicial execution* sa karapatan para mabuhay (*non-derogable human right to life*)--isang karapatan na hindi kailanman maaaring suspindihin ng pamahalaan kahit pa sa ilalim ng *state of emergency*. Nilalabag din ng mga ito ang iba pang

³ Sa ulat na ito, ang *conversion* mula sa Philippine pesos at US dollars ay batay sa *exchange rate* noong 25 Enero 2017.

mga karapatang pantao gaya ng karapatan para sumailalim sa sapat at angkop na prosesong naaayon sa batas (*right to due process*), karapatan sa kalusugan (*right to health*), karapatan sa makataong pagtrato ng mga bilanggo (*prisoners' right to humane treatment*) at karapatan ng mga kapamilya ng mga biktima.

Lubhang nababahala ang Amnesty International na ang sadya at laganap na pagpatay sa mga diumano'y *drug offender*, na maituturing na sistematiko, planado at organisado ng mga otoridad sa Pilipinas, ay maaaring ituring na *crimes against humanity*.

Ayon sa paliwanag ng mga otoridad sa Pilipinas, iniimbistigahan nito ang mga nasabing pagpatay. Ngunit bigo pa rin ito sa pag-usig (*prosecute*) sa mga may sala. Simula nang manungkulan si Pangulong Duterte, walang sinumang miyembro ng kapulisan ang nahaharap sa kasong kriminal para sa pagpatay kaugnay ang droga. Ayon sa kamag-anak ng isang lalaking namatay sa umano'y "*buy-bust operation*", hinimok siya ng mga imbestigador mula sa National Bureau of Investigation na huwag nang magpursigi pa sa pagsasampa ng kaso dahil wala naman umano itong kahihinatnan. Kung patuloy na sinikap ng sinumang kapamilya na maghain ng reklamo, kadalasan ay matindi ang nararanasan nilang takot na mapaghigantihan ng mga pulis; marami ang naglarawan ng kanilang karanasan sa intimidasyon. Dahil bigo ang pamahalaan sa responsibilidad nito para sa maagap, walang kinikilingan at masusing imbestigasyon, sinisikap ng Commission on Human Rights at iba pang mga *civil society organization* o NGO na punuan ang mga pagkukulang ng pamahalaan. Subalit, bukod sa intimidasyon, kinakaharap din nila ang kakulangan ng pondo at kakayahan, at isang sistemang animo'y itinatag para hadlangan ang anumang pagsulong.

Habang patuloy na laman ng mga pangunahing balita ang mga insidente ng pagpatay, nilalabag din ng marahas ng kampanya ng pamahalaan laban sa droga ang karapatan ng maraming mamamayan para matamasa ang pinakamataas na antas ng kalusugan. May mga programang humihikayat para sa umano'y "*boluntaryong pagsuko*", ngunit para sa maraming taong gumagamit ng ilegal na droga, mayroon lamang silang dalawang pagpipilian: ang sumuko o mapatay. Matapos nilang sumuko, sumasailalim sila sa mga *rehabilitation program* na kulang sa pondo o walang matibay o sapat na batayan para sa mga programang ihihain nito. Kadalasan, ang *community drug rehabilitation* ay binubuo ng *Zumba fitness classes*, pakikinig sa paminsan-minsang lektyur tungkol sa mga pinsalang dulot ng ilegal na droga, at ang pagpapailalim sa palagiang pagmamatyag ng mga otoridad (*surveillance*). Anumang paggamit ng droga ay maaaring magbigay-daan sa *police operation* na may nakamamatay na kahihinatnan. Nagsimula na ring magtayo ang pamahalaan ng mga "*mega*" *rehabilitation facility* sa loob ng mga base militar sa bansa, na nagdudulot ng dagdag na problemang may kaugnayan sa mga posibleng mga paglabag sa karapatang pantao.

Habang hindi binibigyang pansin ng pamahalaan ang pagharap sa problema ng ilegal na droga sa perspektibong *public health* dahil sa pagtutok nito sa perspektibong *law enforcement* o paghuli ng mga pinagsususpetsahan, bilang tugon sa isyu ng *paggamit ng ilegal na droga*, maraming taong gumagamit ng droga ang natatakot na gumamit ng mga serbisyong pangkalusugan na maaaring mag-ugnay sa kanila sa bawal na gamot. Itinigil na rin nga mga NGO at iba pang *health provider* ang kanilang mga *harm reduction program* gaya ng *needle exchange* upang maiwasang mag-anyaya ng agresibong pagsisiyasat mula sa pamahalaan. Sa mga lungsod gaya ng Cebu, nangangamba ang mga taong nag-i-inject ng droga na masita ng mga pulis kung gusto nilang sumailalim sa *HIV testing* at *treatment*. Sa ngayon, nahahirapan silang makahanap o makabili ng malinis na karayom. Dahil sa paghihigpit ng mga otoridad sa mga *health option* ng mga taong may HIV at hepatitis C, lubhang tumataas ang panganib ng pagkahawa mula sa mga sakit na na nakukuha sa pamamagitan ng pagsalin ng dugo (*blood-borne diseases*).

Kinakailangan gumamit ang Pamahalaan ng Pilipinas ng ibang pamamaraan para matugunan ang problema sa ilegal na droga at kriminalidad. Mahalagang pumili ito ng stratehiyang nagsusulong, rumerespeto at tumutupad sa karapatang pantao ng lahat. Kailangan ding tiyakin ng mga kapulisan at miyembro ng hudikatura na mananagot ang sinumang pulis o iba pang armadong taong may kinalaman sa mga pagpatay. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng agaran at masusing imbestigasyon ng mga alegasyon at pag-uusig sa mga may kinalaman sa pagpatay. Ang patuloy na paghahari ng kawalan ng pananagutan (*impunity*) ay nagbigay-daan sa malawakang patayan at partikular na naaapektuhan nito ang mga pinakamahirap at maralitang miyembro ng lipunan.